# *Mapuspos ng Banal na Espiritu Yugto 04*
# *Ang Unang Pagpapahayag ng Banal na Espiritu Bautismo at ang Epekto ng Bautismo ng Banal na Espiritu*

***"1 At nang dumating nga ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay nangagkakatipon sa isang dako. 2 At biglang dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng sa isang humahagibis na hanging malakas, at pinuno ang buong bahay na kanilang kinauupuan. 3 At sa kanila'y may napakitang mga dilang kawangis ng apoy, na nagkabahabahagi; at dumapo sa bawa't isa sa kanila. 4 At silang lahat ay nangapuspos ng Espiritu Santo, at nangagpasimulang magsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkakaloob ng Espiritu na kanilang salitain." (Mga Gawa 2:1-4 KJV)***

Ang sinabi at ipinangako ni Jesus sa mga alagad tungkol sa pagdating ng Banal na Espiritu ay natupad gaya ng nabasa natin dito na ang Banal na Espiritu ay pinuspos sila nang sila'y magkakasama; sapagkat dumating ang isang tunog mula sa Langit gaya ng isang humahagibis na hangin at nagpakita sa kanila sa isang dilang apoy na bumaba sa bawat isa sa kanila at sila'y nagsimulang magsalita ng ibang mga wika. Kaya patuloy na manalangin sa Dios at hilingin sa Kanya na puspusin ka at bautismuhan ka ng baustismo ng Banal na Espiritu. Ang pagpapahayag ng Baustismo ng Banal na Espiritu ay pagsasalita ng iba't ibang wika na maaring nasa dalawang anyo:

***A. Pagsasalita sa mga wika sa anyo ng ibang bansa wika:*** Upang magawang ipangaral ng mga alagad ang evangelio sa ibang mga bansa at ipahayag sa kanila ang kagilagilalas na mga gawa ng Dios at iyon ang nangyari sa araw ng Pentecoste, ***"5 May mga nagsisitahan nga sa Jerusalem na mga Judio, mga lalaking religioso, na buhat sa bawa't bansa sa ilalim ng langit. 6 At nang marinig ang ugong na ito, ay nangagkatipon ang karamihan, at nangamaang, sapagka't sa kanila'y narinig ng bawa't isa na sinasalita ang kaniyang sariling wika. 7 At silang lahat ay nangagtaka at nagsipanggilalas, na nangagsasabi, Narito, hindi baga mga Galileong lahat ang mga nagsisipagsalitang ito? 8 At bakit nga naririnig ng bawa't isa sa atin, ang ating sariling wikang kinamulatan?9 Tayong mga Parto, at mga Medo, at mga Elamita, at ang nananahan sa Mesapotamia, sa Judea, at sa Capadocia, sa Ponto at sa Asia, 10 Sa Frigia at Pamfilia, sa Egipto at sa mga sakop ng Libia na karatig ng Cirene at mga nakikipamayang galing sa Roma, mga Judio, at gayon din ang mga naging Judio, 11 Mga Cretense at mga Arabe, ay nangaririnig nating nagsisipagsalita sila sa ating mga wika ng mga makapangyarihang gawa ng Dios." (Mga Gawa 2:5-11 KJV)*** Kaya't patuloy na hanapin ang bautismo ng Banal na Espiritu upang maipahayag mo ang evangelio ni Jesus at ang kagilagilalas na mga gawa ng Dios sa ibang mga bansa sa paligid mo.

***B. Pagsasalita sa mga wika sa anyo ng pagsasalita ng mga wika ng mga anghel:*** Gaya ng nabanggit sa ***1 Corinto 13:1 "Kung ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao at ng mga anghel, datapuwa't wala akong pagibig, ay ako'y naging tanso na tumutunog, o batingaw na umaalingawngaw."*** at gayong uri ng pagsasalita sa wika ito'y nangangailangan ng tagapagsalin dahil ang wikang iyon ay hindi mauunawaan ng mga tao. Samakatuwid kapag ang sinuman ay nagsasalita sa mga wika ng mga anghel ay dapat magkaroon ng tagapagsalin kung hindi man kailangan niyang manahimik o magsalita sa kanyang sarili at sa Dios tulad ng mababasa natin sa ***1 Corinto 14:27-28 "27 Kung nagsasalita ang sinoman ng wika, maging dalawa, o huwag higit sa tatlo, at sunodsunod; at ang isa'y magpaliwanag: 28 Datapuwa't kung walang tagapagpaliwanag ay tumahimik siya sa iglesia; at siya'y magsalita sa kaniyang sarili, at sa Dios."***

Sa mga Judio na nasa Jerusalem sa araw ng Pentecoste na nakarinig sa mga pagsasalita ng mga apostol sa bagong mga wika inakusahan silang mga lasing, Kaya si Pedro sa kanyang sermon, ipinaliwanag sa kanila ang nakita at narinig nila ay kung anong ipinangako ng Dios sa aklat ng Joel, ***"16 Datapuwa't ito'y yaong sinalita na sa pamamagitan ng propeta Joel: 17 At mangyayari sa mga huling araw, sabi ng Dios, Na ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng laman: At ang inyong mga anak na lalake at babae ay manganghuhula, At ang inyong mga binata ay mangakakakita ng mga pangitain, Ang inyong mga matatanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip: 18 Oo't sa aking mga lingkod na lalake at sa aking mga lingkod na babae, sa mga araw na yaon Ibubuhos ko ang aking Espiritu; at magsisipanghula sila. 19 At magpapakita ako ng mga kababalaghan sa langit sa itaas, At mga tanda sa lupa sa ibaba, Dugo, at apoy, at singaw ng usok: 20 Ang araw ay magiging kadiliman, At ang buwan ay dugo, Bago dumating ang araw ng Panginoon, Yaong araw na dakila at tangi: 21 At mangyayari na ang sinomang tumawag sa pangalan ng Panginoon, ay maliligtas." (Mga Gawa 2:16-21 KJV)*** At kalaunan ay sinabi sa kanila ni Pedro na ang kaloob na ito ng Banal na Espiritu ay para rin sa kanila, para sa kanilang mga anak, at sa iba kung handa silang magsisi, maniwala kay Cristo at magpabautismo sa tubig; ***"38 At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. 39 Sapagka't sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa kaniya." (Mga Gawa 2:38-***

***39 KJV)*** Kaya ipinaliwanag dito ni Pedro sa mga taong Judio na ang kakayahang magsalita sa ibang wika ayon sa kakayahan ng Espiritu na magbigay sa kanila ay kaloob ng Dios na ibibigay sa mga nagsisisi at tumatanggap kay Cristo. Kaya kailangan nating patuloy na ipangaral ang evangelio upang marinig at maligtas ang mga tao, at kailangan nating magsalita at magpaliwanag tungkol sa kaloob ng Dios, ang bautismo ng Banal na Espiritu sa mga nanampalataya.

Ang pagsasalita sa mga wika ay ang paunang pagpapahayag ng bautismo ng Banal na Espiritu at makikita natin na nangyari iyon sa iba pang mga kaganapan sa aklat ng Mga Gawa tulad ng mababasa natin sa ibaba:

***1. "44 Samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ay bumaba ang Espiritu Santo sa lahat ng nangakikinig ng salita. 45 At silang sa pagtutuli na nagsisampalataya ay nangamanghang lahat na nagsiparoong kasama ni Pedro, sapagka't ibinuhos din naman sa mga Gentil ang kaloob na Espiritu Santo. 46 Sapagka't nangarinig nilang nangagsasalita ang mga ito ng mga wika, at nangagpupuri sa Dios. Nang magkagayo'y sumagot si Pedro." (Mga Gawa 10:44-46 KJV)*** Si Pedro ay ipinadala ng Dios sa bahay ni Cornelios upang ibigay sa kanya at sa kanyang sambahayan na nangatitipon doon ang mensahe ng kaligtasan. Habang nagsasalita si Pedro ang mensahe ng Dios sa kanila ang kaloob ng Banal na Espiritu ay bumaba sa kanila sapagkat narinig nila sila sa pagsasalita sa mga wika. Kaya kailanga nating patuloy na ipangaral ang evangelio at ipangaral ang tungkol sa bautismo ng Banal na Espiritu sa gayo'y magkaroon ng pagkakataon ang mga tao na maniwala kay Cristi at maligtas, at tanggapin ang bautismo ng Banal na Espiritu. Nang bumalik si Pedro sa Jerusalem ang tinuling mga mananampalataya ay hinamak siya at sinabi, ***"3 Na nagsisipagsabi, Nakisalamuha ka sa mga taong hindi tuli, at kumain kang kasalo nila." (Mga Gawa 11:3 KJV)*** Sinimulan at ipinaliwanag ni Pedro ang lahat sa kanila nang eksakto tulad ng nangyari at sa wakas ay iniulat sa kanila ang mga sumusunod: ***"15 At nang ako'y magpasimulang magsalita, ay bumaba sa kanila ang Espiritu Santo, na gaya naman ng pagbaba sa atin nang una. 16 At naalaala ko ang salita ng Panginoon, kung paanong sinabi niya, Tunay na si Juan ay nagbautismo ng tubig; datapuwa't kayo'y babautismuhan sa Espiritu Santo. 17 Kung ibinigay nga sa kanila ng Dios ang gayon ding kaloob na gaya naman ng kaniyang ibinigay sa atin, nang tayo'y nagsisisampalataya sa Panginoong Jesucristo, sino baga ako, na makahahadlang sa Dios? 18 At nang marinig nila ang mga bagay na ito, ay nagsitahimik sila, at niluwalhati ang Dios, na sinasabi, Kung gayo'y binigyan din naman ng Dios ang mga Gentil ng pagsisisi sa ikabubuhay." (Mga Gawa 11:15-18 KJV)***

***2. "17 At umalis si Ananias at pumasok sa bahay; at ipinatong ang kaniyang mga kamay sa kaniya na sinabi, Kapatid na Saulo, ang Panginoon, sa makatuwid baga'y si Jesus, na sa iyo'y napakita sa daan na iyong pinanggalingan, ay nagsugo sa akin, upang tanggapin mo ang iyong paningin, at mapuspos ka ng Espiritu Santo. 18 At pagdaka'y nangalaglag mula sa kaniyang mga mata ang mga parang kaliskis, at tinanggap niya ang kaniyang paningin; at siya'y nagtindig at siya'y binautismuhan; 19 At siya'y kumain at lumakas. At siya'y nakisamang ilang araw sa mga alagad na nangasa Damasco. 20 At pagdaka'y kaniyang itinanyag sa mga sinagoga si Jesus, na siya ang Anak ng Dios." (Mga Gawa 9:17-20 KJV)*** Si Saulo na naging Pablo sa kanyang pagsisisi tinanggap niya ang kaloob at napuspos ng Banal na Espiritu, at batid na si Pablo ay nagsasalita ng mga wika gaya ng kanyang sarili na binanggit iyon sa ***1 Corinto 14:18 "18 Nagpapasalamat ako sa Dios, na ako'y nagsasalita ng mga wika na higit kay sa inyong lahat:"***

***3. "1 At nangyari, na, samantalang si Apolos ay nasa Corinto, pagkatahak ni Pablo ng mga lupaing matataas ay napasa Efeso, at nakasumpong ng ilang mga alagad: 2 At sa kanila'y sinabi niya, Tinanggap baga ninyo ang Espiritu Santo nang kayo'y magsisampalataya? At sinabi nila sa kaniya, Hindi, hindi man lamang namin narinig na may ibinigay na Espiritu Santo. 3 At sinabi niya, Kung gayo'y sa ano kayo binautismuhan? At sinabi nila, Sa bautismo ni Juan. 4 At sinabi ni Pablo, Nagbabautismo si Juan ng bautismo ng pagsisisi, na sinasabi sa bayan na sila'y magsisampalataya sa darating sa hulihan niya, sa makatuwid baga'y kay Jesus. 5 At nang kanilang marinig ito, ay nangapabautismo sila sa pangalan ng Panginoong Jesus. 6 At nang maipatong na ni Pablo sa kanila ang kaniyang mga kamay, ay bumaba sa kanila ang Espiritu Santo; at sila'y nagsipagsalita ng mga wika, at nagsipanghula. 7 At silang lahat ay may labingdalawang lalake." (Mga Gawa 19:1-7 KJV)*** Iyon ay isa pang kaganapan na nabanggit na ang bautismo ng Banal na Espiritu ay ipinakita sa pamamagitan ng pagsasalita sa mga bagong wika. Dito nangyari ang Bautismo ng Banal na Espiritu matapos ang pagpapatong ng mga kamay ni Pablo sa mga alagad. Ang Dios mismo ang nagbautismo sa mga disipulo ng Banal na Espiritu, at babautismuhan pa rin ng Dios ang mga alagad sa ilang mga kaganapan sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay sa kanila ng mga nabautsismuhan ng Banal na Espiritu. Kaya kailangan patuloy na ipatong nating ang mga kamay sa mga bagong alagad na binautismuhan natin sa tubig at ipanalangin sila marahil ay matanggap nila ang bautismo ng Banal na Espiritu.

***Sa aking mahal ay minamahal:*** Kung hindi mo pa nararanasan ang kaloob ng Banal na Espiritu ito ang tamang panahon para sa iyo na magsisi at magtiwala sa Dios nang ganap at ipagkatiwala ang iyong mga landas sa Kanya. Manikluhod sa Kanyang paanan at hilingin sa Kanya na bautismuhan ka ng Banal na Espiritu gaya ng pagsang ayong manalangin

*Amang Dios Ipinagkatiwala ko ang aking sarili sa iyong mga kamay, Panginoon Ako'y nagsisi mula sa sumusunod na mga kasalanan _______________ . Panginoon nais kong ipamuhay ang aking buhay sa iyo. Panginoon hinihiling ko sa iyo na puspusuin mo ako ng iyong Banal na Espiritu, ito ang lahat ng aking hinihiling at ipinanalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ngayon pag aaralan natin ang epekto ng bautismo ng Banal na Espiritu sa buhay ng mga alagad. Ang Banal na Espiritu na dumating sa mga disipulo sa araw ng Pentecoste ay nakita bilang mga dila ng apoy at narinig tulad ng isang humahagibis na malakas na hangin. Kaya ang Banal na Espiritu ay makikita at maririnig. May mga taong sinasabi nadama nila ang Banal na Espiritu ngunit hindi iyon tama dahil ang damdamin ay maaaring makaligaw sa atin. Kaya nararapat nating makita at marinig ang pagkilos ng Banal na Espiritu sa ating buhay.

Ang Banal na Espiritu na pumuspos sa mga alagad sa araw ng Pentecoste ay binigyan sila ng kakayahan na magsalita sa bagong mga wika upang ipahayag ang makapangyarihang mga gawa ng Dios sa iba't ibang mga wika na sa mga naroon ay narinig sila sa pagsasalita sa kanilang sariling mga wika. ***"6 At nang marinig ang ugong na ito, ay nangagkatipon ang karamihan, at nangamaang, sapagka't sa kanila'y narinig ng bawa't isa na sinasalita ang kaniyang sariling wika. 7 At silang lahat ay nangagtaka at nagsipanggilalas, na nangagsasabi, Narito, hindi baga mga Galileong lahat ang mga nagsisipagsalitang ito? 8 At bakit nga naririnig ng bawa't isa sa atin, ang ating sariling wikang kinamulatan? 9 Tayong mga Parto, at mga Medo, at mga Elamita, at ang nangananahan sa Mesapotamia, sa Judea, at sa Capadocia, sa Ponto at sa Asia. 10 Sa Frigia at Pamfilia, sa Egipto at sa mga sakop ng Libia na karatig ng Cirene at mga nakikipamayang galing sa Roma, mga Judio, at gayon din ang mga naging Judio, 11 Mga Cretense at mga Arabe, ay nangaririnig nating nagsisipagsalita sila sa ating mga wika ng mga makapangyarihang gawa ng Dios." (Mga Gawa 2:6-11 KJV)*** Ngunit hindi lamang ang Dios ang nagbigay sa kanila ng mga wika sa iba't ibang wika, bukod pa rito ang bautismo ng Banal na Espiritu ay nagbigay sa kanila ng mga sumusunod:

***1. Kapangyarihan:*** Ang mamuhay nang buong tapang at buong tatag na nagpapatotoo sa mundo tungkol sa kabutihan ng Panginoon. Tulad ng alam natin na ang mga disipulo ay natakot mula sa pag uusig ng mga Judio. Nakatira sila sa likod ng mga nakpinid na pinto. Ngunit nang mapuspos sila ng Banal na Espiritu ay binigyan Niya sila ng lakas ng loob na harapin ang malaking pulutong ng mga Judio nang walang takot na nagpapatotoo sa kanila ng mabuting balita ni Jesus. ***"Datapuwa't pagtindig ni Pedro na kasama ang labingisa, ay itinaas ang kaniyang tinig, at sa kanila'y nagsaysay,…." (Mga Gawa 2:14 KJV)*** Si Pedro na mahiyain at itinatwa na siya ay isa sa mga tagasunod ni Jesus, ngayon, matapos siyang mapuspos ng Banal na Espiritu ay matapang siyang tumayo nang may tiwala at nagsalita sa karamihan nang may kapangyarihan. Sa parehong paraan ang Banal na Espiritu ay magbibigay sa iyo ng lakas ng loob na harapin ang mga tao sa paligid mo na may katotohanan ng Salita ng Diyos.

***2. Karunungan:*** Habang naririnig sila ng mga Judio na nagsasalita ng mga bagong wika, ***"13 Datapuwa't ang mga iba'y nanganglilibak na nangagsabi, Sila'y puno ng bagong alak." (Mga Gawa 2:13 KJV)*** Kaya dito ay binigyan ng Banal na Espiritu ng karunungan ang mga alagad sa pagsagot sa kanila. ***"14 Datapuwa't pagtindig ni Pedro na kasama ang labingisa, ay itinaas ang kaniyang tinig, at sa kanila'y nagsaysay, na sinasabing, Kayong mga lalaking taga Judea, at kayong lahat na nangananahan sa Jerusalem, mangaalaman nawa ninyong lahat ito, at inyong pakinggan ang aking mga salita. 15 Sapagka't ang mga ito'y hindi mga lasing, na gaya ng inyong inaakala; yamang ngayo'y oras na ikatlo lamang ng araw; 16 Datapuwa't ito'y yaong sinalita na sa pamamagitan ng propeta Joel: 17 At mangyayari sa mga huling araw, sabi ng Dios, Na ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng laman: At ang inyong mga anak na lalake at babae ay manganghuhula, At ang inyong mga binata ay mangakakakita ng mga pangitain, Ang inyong mga matatanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip: 18 Oo't sa aking mga lingkod na lalake at sa aking mga lingkod na babae, sa mga araw na yaon Ibubuhos ko ang aking Espiritu; at magsisipanghula sila. 19 At magpapakita ako ng mga kababalaghan sa langit sa itaas, At mga tanda sa lupa sa ibaba, Dugo, at apoy, at singaw ng usok: 20 Ang araw ay magiging kadiliman, At ang buwan ay dugo, Bago dumating ang araw ng Panginoon, Yaong araw na dakila at tangi: 21 At mangyayari na ang sinomang tumawag sa pangalan ng Panginoon, ay maliligtas." (Mga Gawa 2:14-21 KJV)*** Binigyan ng Banal na Espiritu si Pedro ng karunungan kung paanong ipaliwanag sa kanila ang kababalaghan ng pagsasalita sa mga bagong wika na hindi nila kailanman nalaman noon. Ipinaalala ng Banal na Espiritu kay Pedro ang tungkol sa propesiya ni propeta Joel at nagawa niya itong maiugnay sa kanilang naranasan. Ang Banal na Espiritu ay magbibigay sa iyo ng karunungan kung paano ipaliwanag sa mga tao at ipapaalala sa iyo kung paano ipakita sa kanila ang katotohanan mula sa Kasulatan.

***3. Paggumita:*** Ang Banal na Espiritu ay malaking tulong sa atin at gumagawa bilang paggunita upang ipaalala sa atin ang mga bagay na nais ng Dios na alalahanin natin. Alam ni Pedro ang hula ni Joel ngunit ipinaalala sa kanya ng Banal na Espiritu sa tamang panahon ang eksaktong Salita ng Dios na kailangan niyang gamitin upang ipaliwanag sa mga tao. Binanggit din iyan ni Jesus nang sabihin Niya, ***"26 Datapuwa't ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo***

***ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi." (Juan 14:26 KJV)*** Kaya magtiwala sa Dios na ipapaalala Niya sa iyo ang tungkol sa Kanyang Salita at kung ano ang kailangan mong ibahagi sa mga taong inaabot mo ng evangelio ni Jesus

***4. Baguhin ang mga katangian ng tao para sa Kaluwalhatian ng Dios:*** Gaya ng batid natin si Pedro may nanginginig na personalidad. Madali sa pagsagot, nagkakamali, may takot, madaling tumakas, atbp. Pero ang natagpuan natin dito ay ***"Si Pedro, na nakatayo kasama ang labing isa, ay itinaas ng kanyang tinig, at nagsaysay sa kanila"***, dahil puspos ng Banal na Espiritu ng katapangan at tiwala sa sarili na gawin ang gawa ng Dios. Walang takot kundi itinaas Niya ang kanyang tinig at sinabi sa karamihan nang may katatagan ang mensahe. Kaya nga maging matatag at matapang; wala nang takot, magtiwala sa Dios at magtiwala sa Kanya; tumayo at magsalita sa mga tao sa mensahe ng Dios.

***5. Nagbibigay sa atin ng mensahe:*** Para sa bawat pulutong ng mga tao ay may tiyak na mensahe na nais ng Dios na makipag usap tayo sa kanila. Ang bautismo ng Banal na Espiritu ay magbibigay sa atin ng kasangkapan at magpapahanda sa atin na gawin iyan. Hindi inihanda ni Pedro ang mensahe sa araw ng Pentecoste kundi ibinigay sa Kanya ng Dios na Banal na Espiritu ang mensahe: ***"22 Kayong mga lalaking taga Israel, pakinggan ninyo ang mga salitang ito: Si Jesus na taga Nazaret, lalaking pinatunayan ng Dios sa inyo sa pamamagitan ng mga gawang makapangyarihan at mga kababalaghan at mga tanda na ginawa ng Dios sa pamamagitan niya sa gitna ninyo, gaya rin ng nalalaman ninyo; 23 Siya, na ibinigay sa takdang pasiya at paunang kaalaman ng Dios, kayo sa pamamagitan ng mga kamay ng mga tampalasan ay inyong ipinako sa krus at piñata: 24 Na siya'y binuhay na maguli ng Dios, pagkaalis sa mga hirap ng kamatayan: sapagka't hindi maaari na siya'y mapigilan nito. 25 Sapagka't sinasabi ni David tungkol sa kaniya, Nakita kong lagi ang Panginoon sa aking harapan; Sapagka't siya'y nasa aking kanang kamay, upang huwag akong makilos: 26 Dahil dito'y nagalak ang aking puso, at natuwa ang aking dila; Pati naman ang aking laman ay mananahan sa pagasa: 27 Sapagka't hindi mo iiwan ang kaluluwa ko sa Hades, Ni titiisin man na ang iyong Banal ay makakita ng kabulukan. 28 Ipinakilala mo sa akin ang mga daan ng buhay; Pupuspusin mo ako ng kagalakan sa harap ng iyong mukha. 29 Mga kapatid, malayang masasabi ko sa inyo ang tungkol sa patriarkang si David, na siya'y namatay at inilibing, at nasa atin ang kaniyang libingan hanggang sa araw na ito. 30 Palibhasa nga'y isang propeta, at sa pagkaalam na may panunumpang isinumpa ng Dios sa kaniya, na sa bunga ng kaniyang baywang ay ililuklok niya ang isa sa kaniyang luklukan; 31 Palibhasa'y nakikita na niya ito, ay nagsalita tungkol sa pagkabuhay na maguli ng Cristo, na siya'y hindi pinabayaan sa Hades, ni ang kaniya mang katawan ay hindi nakakita ng kabulukan. 32 Ang Jesus na ito'y binuhay na maguli ng Dios, at tungkol dito'y mga saksi kaming lahat. 33 Palibhasa nga'y pinarangal ng kanang kamay ng Dios, at tinanggap na sa Ama ang pangako ng Espiritu Santo, ay ibinuhos niya ito, na inyong nakikita at naririnig. 34 Sapagka't hindi umakyat si David sa mga langit; datapuwa't siya rin ang nagsabi, Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon; Maupo ka sa kanan ko 35 Hanggang sa gawin ko ang mga kaaway mo na tuntungan ng iyong mga paa. 36 Pakatalastasin nga ng buong angkan ni Israel, na ginawa ng Dios na Panginoon at Cristo itong si Jesus na inyong ipinako sa krus." (Mga Gawa 2:22-36 KJV)*** Kaya magtiwala sa Dios na sa tamang panahon ibibigay Niya sa iyo ang mensahe na kailangan mong ipahayag sa mga tao.

***6. Ang paglapit sa mga tao sa atin at paggabay sa atin sa mga tao upang ibigay sa kanila ang mensahe:*** Ang malaking pulutong ng mga Judio sa Jerusalem ay inilapit ng Dios sa mga disipulo upang marinig ang mensahe at mahatulan ng Banal na Espiritu na magsisi, tanggapin si Cristo at magpabautismo sa tubig. ***"37 Nang marinig nga nila ito, ay nangasaktan ang kanilang puso, at sinabi kay Pedro at sa ibang mga apostol, Mga kapatid, anong gagawin naming? 38 At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. 39 Sapagka't sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa kaniya. 40 At sa iba pang maraming salita ay nagpatotoo siya, at nangaral sa kanila, na sinasabi, Magsiligtas kayo sa likong lahing ito. 41 Yaon ngang nagsitanggap ng kaniyang salita ay nangabautismuhan: at nangaparagdag sa kanila nang araw na yaon ang may tatlong libong kaluluwa." (Mga Gawa 2:37-41 KJV)*** Ibibigay ng Dios ang mga puso ng mga tao; Dadalhin Niya tayo o dadalhin sa kanila, at gagawin silang handa na pakinggan ang mensahe mula sa ating mga bibig. Samakatuwid maging bukas sa Banal na Espiritu at hayaan Siya na akayin ka sa karamihan na nais Niyang ipangaral mo ang evangelio sa kanila, at maging bukas din sa mga tao na ipinapadala sa iyo ng Banal na Espiritu upangipangaral ang Kanyang Salita sa kanila

***7. Ang Tagapag-ayos ng Ating Misyon: "15 At sinabi niya sa kanila, Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal. 16 Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan." (Marcos 16:15-16 KJV)*** Upang mapuspos ng Banal na Espiritu ay hindi isang marangyang bagay na maaari mong mabuhay at makamit ang mga mithiin ng Dios sa iyong buhay nang wala ito. Ngunit mahalaga at makabuluhan ito sa ipinagkatiwala sa iyo ng Dios mula sa misyon sa iyong buhay. Inatasan tayo ni Jesus na pumunta sa buong mundo at ipangaral ang evangelio. Ngunit hindi tayo maaaring pumunta at gawin ang Kanyang gawain maliban kung Siya ay kasama

natin. Ang tanging posibleng paraan na Siya ay kasama natin at makakasama natin at magagawa natin ang Kanyang kalooban at mapaglilingkuran Siya nang wasto ay kapag tayo ay napuspos ng Banal na Espiritu

Sinabi rin ni Jesus ang sumusunod sa Kanyang mga apostol: ***"17 At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya: mangagpapalabas sila ng mga demonio sa aking pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika; 18 Sila'y magsisihawak ng mga ahas, at kung magsiinom sila ng bagay na makamamatay, sa anomang paraan ay hindi makasasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga may-sakit, at sila'y magsisigaling." (Marcos 16:17-18 KJV)*** Ang mga pribileyong ito ay makikita lamang sa buhay ng mga alagad kapag sila'y napuspos ng Banal na Espiritu. Kaya kailangan mong mapuspos ng Banal na Espiritu sa gayo'y magawa mo ang misyong gawain ng Dios at para sa sumusunod na mga higit na layunin:

***8. Pagpapalayas ng mga demonyo:*** Si Jesus ay nagpalayas ng mga demonyo kasama ng Banal na Espiritu. ***"22 Nang magkagayo'y dinala sa kaniya ang isang inaalihan ng demonio, bulag at pipi, at kaniyang pinagaling, ano pa't ang pipi ay nagsalita at nakakita. 23At ang buong karamihan ay nangagtaka, at nangagsabi, Ito kaya ang Anak ni David? 24 Datapuwa't nang marinig ito ng mga Fariseo, ay kanilang sinabi, Ang taong ito'y hindi nagpapalabas ng mga demonio, kundi sa pamamagitan ni Beelzebub na prinsipe ng mga demonio. 25 At pagkaalam niya ng mga iniisip nila, ay sinabi niya sa kanila, Ang bawa't kahariang nagkakabahabahagi laban sa kaniyang sarili ay mawawasak; ang bawa't bayan o bahay na nagkakabahabahagi laban sa kaniyang sarili ay hindi mananatili. 26 At kung pinalalabas ni Satanas si Satanas, siya nababahagi laban sa kaniyang sarili; papaano ngang mananatili ang kaniyang kaharian? 27 At kung sa pamamagitan ni Beelzebub ay nagpapalabas ako ng mga demonio, ang inyong mga anak sa kaninong pamamagitan sila'y pinalalabas? kaya nga sila ang inyong magiging mga hukom. 28 Nguni't kung sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios nagpapalabas ako ng mga demonio, ay dumating nga sa inyo ang kaharian ng Dios." (Mateo 12:22-28 KJV)*** Sa **Lucas 11:20** Tinawag ni Jesus ang Banal na Espiritu ang daliri ng Dios, ***"Nguni't kung sa pamamagitan ng daliri ng Dios ay nagpapalabas ako ng mga demonio, dumating nga sa inyo ang kaharian ng Dios."*** Sa ating misyon na ipangaral ang evangelio ay haharapin natin ang mga demonyo at ang kapangyarihan ng kadiliman na sumasalungat sa atin at madaraig lamang natin sila kung tayo'y puspos ng Banal na Espiritu at kasama natin ang daliri ng Dios. Ang mga sumusunod ay ilan pang mga halimbawa na mababasa natin tungkol sa gawain ng Banal na Espiritu sa pagpapalayas ng mga demonyo sa buhay ng unang siglong simbahan.

***A. "6 At nang kanilang matahak na ang buong pulo hanggang sa Pafos, ay nakasumpong sila ng isang manggagaway, bulaang propeta, Judio, na ang kaniyang pangalan ay Bar-Jesus; 7 Na kasama ng proconsul, Sergio Paulo, lalaking matalino. Ito rin ang nagpatawag kay Bernabe at kay Saulo, at minimithing mapakinggan ang salita ng Dios. 8 Datapuwa't si Elimas na manggagaway (sapagka't ganito nga ang pakahulugan sa kaniyang pangalan) ay humadlang sa kanila, na pinagsisikapang ihiwalay sa pananampalataya ang proconsul. 9 Datapuwa't si Saulo, na tinatawag ding Pablo, na puspos ng Espiritu Santo, ay itinitig sa kaniya ang kaniyang mga mata, 10 At sinabi, Oh puspos ng lahat ng karayaan at ng lahat ng kasamaan, ikaw na anak ng diablo, ikaw na kaaway ng lahat ng katuwiran, hindi ka baga titigil ng pagpapasama sa mga daang matuwid ng Panginoon? 11 At ngayon, narito, nasa iyo ang kamay ng Panginoon, at mabubulag ka, na hindi mo makikita ang araw na kaunting panahon. At pagdaka'y nahulog sa kaniya ang isang ulap at ang isang kadiliman; at siya'y nagpalibot na humahanap ng sa kaniya'y aakay sa kamay. 12 Nang magkagayon, pagkakita ng proconsul sa nangyari, ay nanampalataya, na nanggigilalas sa aral ng Panginoon." (Mga Gawa 13:6-12 KJV)***

***B."16 At nangyari, na nang kami'y nagsisiparoon sa mapapanalanginan, ay sinalubong kami ng isang dalagang may karumaldumal na espiritu ng panghuhula, at nagdadala ng maraming pakinabang sa kaniyang mga panginoon sa pamamagitan ng panghuhula." (Mga Gawa 16:16 KJV)*** Muli nagpalayas si Pedro ng demonyo na gumugulo sa kanilang misyon. Kaya magtiwala tayo sa Dios na bilang puspos tayo ng Banal na Espiritu kung gayon kaya nating magpalayas ng mga demonyo at harapin ang kapangyarihan ng kadiliman.

***9. Proteksyon:*** Ang Banal na Espiritu ang mismong magpoprotekta sa atin mula sa lahat ng mga gawa ng diablo at demonyo. Ang Banal na Espiritu na pinuspos tayo ay maaaring magprotekta pa sa atin mula sa mga karamdaman at maging mga lason. ***"1 At nang kami'y mangakatakas na, nang magkagayo'y napagtalastas namin na ang pulo'y tinatawag na Melita. 2 At pinagpakitaan kami ng hindi karaniwang kagandahang-loob ng mga barbaro: sapagka't sila'y nagsiga, at tinanggap kaming lahat, dahil sa ulan niyaon, at dahil sa ginaw. 3 Datapuwa't pagkapagtipon ni Pablo ng isang bigkis na kahoy at mailagay sa apoy, ay lumabas ang isang ulupong dahil sa init, at kumapit sa kaniyang kamay. 4 At nang makita ng mga barbaro ang makamandag na hayop na nakabitin sa kaniyang kamay, ay nagsabi ang isa sa iba, Walang salang mamamatay-tao ang taong ito, na, bagama't siya'y nakatakas sa dagat, gayon ma'y hindi siya pinabayaang mabuhay ng Katarungan. 5 Gayon ma'y ipinagpag niya ang hayop sa apoy, at siya'y hindi nasaktan. 6 Nguni't kanilang hinihintay na siya'y mamaga, o biglang mabuwal na patay: datapuwa't nang maluwat na***

***silang makapaghintay, at makitang walang nangyari sa kaniyang anoman, ay nangagbago sila ng akala, at nangagsabing siya'y isang dios." (Mga Gawa 28:1-6 KJV)*** Si Pablo ay protektado mula sa kagat ng makamandag na ahas. Samakatuwid habang tayo ay napupuspos ng Banal na Espiritu magtiwala tayo sa Dios na ililigtas Niya tayo at poprotektahan mula sa mga gawa ni Satanas at mga demonyo.

***10. Ang Banal na Espiritu ang ating tagapagtaguyod at tagapagtanggol laban sa mga pakana at sandata ni Satanas: "3 Sapagka't bagaman kami ay nagsisilakad sa laman, ay hindi kami nangakikipagbakang ayon sa laman. 4 (Sapagka't ang mga sandata ng aming pakikilaban ay hindi ukol sa laman, kundi sa harapan ng Dios ay may kapangyarihang gumiba ng mga kuta); 5 Na siyang gumigiba ng mga maling haka, at ng bawa't bagay na matayog na nagmamataas laban sa karunungan ng Dios, at bumibihag sa lahat ng pagiisip sa pagtalima kay Cristo; 6 At nangahahanda upang maghiganti sa lahat ng pagsuway, kung maganap na ang inyong pagtalima." (2 Corinto 10:3-6 KJV)*** Magagawa mo iyon at mapagtatagumpayan ang kapangyarihan ng kadiliman kapag puspos ka ng Banal na Espiritu na ibinigay sa iyo ng Dios tulad ng pagsunod mo sa Kanya.

***11. Kagalingan mula sa mga karamdaman:*** Habang puspos tayo ng Banal na Espiritu matatanggap ng mga tao ang kagalingan kapag ipinatong natin ang ating mga kamay sa kanila at ipanalangin sila sa pangalan ni Jesus, ***"7 At sa mga kalapit ng dakong yao'y may mga lupain ang pangulo sa pulong yaon, na nagngangalang Publio; na tumanggap sa amin, at nagkupkop sa aming tatlong araw na may kagandahang-loob. 8 At nangyari, nararatay ang ama ni Publio na may-sakit na lagnat at iti: at pinasok siya ni Pablo, at nanalangin, at nang maipatong sa kaniya ang kaniyang mga kamay ay siya'y pinagaling. 9 At nang magawa na ito, ay nagsiparoon naman ang mga ibang maysakit sa pulo, at pawang pinagaling: 10 Kami nama'y kanilang pinarangalan ng maraming pagpaparangal; at nang magsilayag kami, ay kanilang inilulan sa daong ang mga bagay na kinakailangan namin." (Mga Gawa 28:7-10 KJV)*** Samakatwid huwag kailanman mawalan ng anumang pagkakataon na ipatong ang mga kamay sa mga maysakit at ipanalangin silang gumaling; sapagkat ang Dios ay gagawa ng mga himala ng pagpapagaling sa pamamagitan ng iyong buhay at ministeryo.

***"19 Ang Panginoong Jesus nga, pagkatapos na sila'y mangakausap niya, ay tinanggap sa itaas ng langit, at lumuklok sa kanan ng Dios. 20 At nagsialis sila, at nagsipangaral sa lahat ng dako, na gumagawang kasama nila ang Panginoon, at pinatototohanan ang salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip. Siya nawa." (Marcos 16:19-20 KJV)*** Gaya ng pagtanggap ng mga disipulo ng bautismo ng Banal na Espiritu kung gayo'y ang Panginoon ay kasama nila at iyon ang dahilan kung bakit nagawa nilang lumabas at mangaral sa lahat ng dako. Ang katulad para sa iyo habang hinahangad mong mapuspos ng Banal na Espiritu kung gayo'y mababago ka at magagawa mo ang lahat ng iyon para sa Dios.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Lumapit ngayon sa Panginoon at ipagkatiwala ang iyong buhay para sa Kanya sa gayon puspusin ka Niya ng Banal na Espiritu na magbibigay sa iyo ng kapangyarihan, karunungan, paggunita, pagbabago mo sa ibang tao para sa paglilingkod sa Dios, bigyan ka ng mensahe, ilapit ka sa mga tao o maakit ang mga tao sa iyo, tagapag-ayos ng iyong misyon, tulungan kang magpalayas ng mga demonyo, magpagaling ng maysakit, protektahan ka mula sa kapangyarihan ng kadiliman at mula sa mga karamdaman, at makakasama mo at makikipagtulungan sa iyo sa paggawa ng iyong ministeryo.

Tayo ay manalangin…..

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa turo at sa nakapagpapalakas loob na Salita na natanggap ko sa mensaheng ito at sa lahat ng iyong magagandang pangako sa akin tungkol sa Bautismo ng Banal na Espiritu.*

*Lumapit ngayon sa Dios at ipagtapat at talikda ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat at talikuran ang lahat ng gawain ng laman sa inyong buhay; pagsisinungaling, pagnanakaw, away, galit, poot, paghihiganti, hindi pagpapatawad, sama ng loob at kapaitan, pagkakahati hati, inggit, paninibugho, pagpatay, pagnanasa, imoralidad, kasakiman, kawalang katarungan, katiwalian, kamunduhan, at ang iyong pagmamahal sa pera at materyal na mga bagay. Ipagtapat at talikuran ang lahat ng iyong katigasan ng ulo, pagsuway at pag antala sa pagsunod. Ipagtapat at talikuran ang iyong masamang pangangasiwa, ang iyong masamang halimbawa at ang iyong hindi pagpayag na maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Ipagtapat at talikuran ang iyong kakulangan sa pananampalataya at ang mga pagdududa sa iyong isipan. Ipagtapat at talikuran ang iyong pakikisama sa mga hindi mananampalataya, at sa pagkaalipin sa Media, Balita at mga laro. Ipagtapat at talikuran ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at buhay ng mga pananalangin. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan* ____________________________.

*Panginoon bautismuhan mo ako ng Banal na Espiritu, turuan mo ako sa pamamagitan ng pagbibigay sa akin ng mga espirituwal na kaloob upang makapaglingkod ako sa iyo, sabihin sa iba ang tungkol sa iyong kaligtasan, gawin ang lahat ng gawaing misyon at ang ministerio na ipinagkatiwala mo sa akin na gawin;*

*pagalingin ang may sakit sa pagpapatong ng aking mga kamay sa kanila, palayasin ang mga demonyo, ipangaral ang evangelio at ibigay ng iyong mensahe sa kanila.*

*Pangioon salamat para sa aking mga Kapatid na nagsisi at ipinangako ang kanilang buhay na ipamuhay at ilapat sa ipinadala sa amin sa mensaheng ito. Panginoon bautismuhan mo sila ng Banal na Espiritu; hayaan silang magsalita sa mga wika at bigyan sila ng espirituwal na mga kaloob na kailangan nilang magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon gamitin sila na gawin ang iyong gawain at ministerio. Panginoon protektahan sila mula sa masama at ibigaya ng kanilang pangangailangan, bigyan sila ng katatagan, karunungan, katapangan, kunin ang kanilang pagkatakot na mawala, ibigay sa kanila ang mensahe na kanilangan nilang ipangaral at kumilos kasama nila sa paggawa ng kanilang ministerio.*

*Panginoon, pagpalain kami bilang iyong simbahan, Panginoong ipinangako namin an gaming sarili na ituro at ipangaral ang tungkol sa bautismo ng Banal na Espiritu at ipatong ang mga kamay sa aming mga alagad at mga anak na sila'y mapuspos ng Banal na Espiritu na magdadala ng karagdagang iyong misyon. Panginoon dalangin ko na mas maraming tao ang mabautismuhan sa tubig at mas maraming alagad ang mabautismuhan ng Banal na Espiritu. Panginoon hinihiling namin sa iyo na muling puspusin kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob; salita ng karunungan, salita ng kaalaman, kaloob ng pananampalataya, kaloob na pagpapagaling, kaloob na gumawa ng mga himala, kaloob na pagbibigay, pagpapakita ng awa, pamumuno, pangangasiwa, kaloob na mga tagapagpayo, pagpapastol, pagtuturo, pagpopropesiya, pag eevangelio, at hinihiling namin sa iyo na makipagtulungan sa amin tulad ng iyong pakikipagtulungan sa iyong mga alagad. Panginoon, patnubayan mo kami na magpatuloy at mag evangelio, at gumawa ng mga bagong alagad at sanayin ang mga bagong manggagawa na yumaon at magtanim ng mas maraming pag aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

m Mapuspos ng Banal na Espiritu Yugto 04. Ang Unang Pagpapahayag ng Bautismo ng Banal na Espiritu at ang Epekto ng Bautismo ng Banal na Espiritu. 1 Corinto 13:1. 1 Corinto 14:27-28. Mga Gawa 10:44-46. Mga Gawa 11:3, 15-18. Mga Gawa 9:17-20. 1 Corinto 14:18. Mga Gawa 19:1-7. Mga Gawa 2:5-11, 13-41. Juan 14:26. Marcos 16:15-20. Mateo 12:22-28. Lucas 11:20. Mga Gawa 13:6-12. Mga Gawa 16:16-18. Mga Gawa 28:1-10. 2 Corinto 10:3-6.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014

IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com